Even in the IMPOSSIBLE

# Probisyon at Layunin

WEEK 2

## WARM-UP

- Noong bata ka, ano ang isang regalo para sa iyong kaarawan na hiniling mo mula sa iyong mga magulang?
- Balikan ang isang panahon kung kailan nahirapan kang sagutin o isagawa ang isang laro (halimbawa: *puzzle, mystery game, crossword*). Ano ang naiisip o nararamdaman mo tungkol sa pangyayaring ito?
- Paano mo tinitipid o pinagkakasya ang natatanggap mong pera para masigurong sapat ito para sa mga pangunahing pangangailangan mo?

## WORD

*[5]Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nangisda pero wala kaming nahuli. Pero dahil sinabi ninyo, ihuhulog ko ulit ang lambat." [6]Kaya pumalaot sila at inihulog ang lambat. At napakaraming isda ang nahuli nila hanggang sa halos masira na ang kanilang lambat.*
**LUCAS 5:5–6**

(Basahin din ang **LUCAS 5:1–4, 7–11.**)

Para sa isang mangingisda, isda ang pinagkukunan niya ng kabuhayan—kailangan niya ito para mabuhay. Si Simon at ang iba pang mga mangingisda ay nahihirapang makahuli ng isda. Buong magdamag na silang nangingisda pero wala silang mahuli. Gayunpaman, ang salita ni Jesus ay hindi nalimitahan ng mga batas ng kalikasan at agad-agad Siyang nakapagbigay ng napakaraming isda para kina Simon at sa mga kasama niyang mangingisda, na tila imposibleng mangyari sa kahit na sino. Sa kwentong ito, titingnan natin kung paano tinugunan ni Jesus ang pangangailangan ng mga mangingisda sa gitna ng kanilang kakulangan, na umakay sa kanila tungo sa layunin ng Diyos para sa kanilang buhay.

## 1 Tinugunan ni Jesus ang mga pangangailangan ni Simon at nagbigay Siya ng probisyon para kay Simon at sa iba pang mga mangingisda.

*[4]Pagkatapos niyang mangaral, sinabi niya kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat ninyo, at makakahuli kayo ng isda." [5]Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nangisda pero wala kaming nahuli. Pero dahil sinabi ninyo, ihuhulog ko ulit ang lambat." [6]Kaya pumalaot sila at inihulog ang lambat. At napakaraming isda ang nahuli nila hanggang sa halos masira na ang kanilang lambat.* **LUCAS 5:4–6**

Noong nahihirapan si Simon na makahuli ng isda, hindi siya direktang humingi kay Jesus ng isda o anumang tulong. Si Jesus ang nakakita ng pangangailangan ni Simon. Inutusan siya ni Jesus na *pumalaot* at *ihulog ang mga lambat* nila. Nang sundin ni Simon ang sinabi ni Jesus, *napakaraming isda ang nahuli nila*. Sobrang dami ng kanilang huli na halos masira na ang kanilang lambat at kinailangan ni Simon na humingi ng tulong sa mga mangingisda na nasa ibang mga bangka. Ginawang posible ng Diyos ang probisyon at ibinigay Niya ang higit pa sa kailangan ni Simon at ng iba pang mangingisda. Paano mo naranasan ang probisyon ng Diyos sa buhay mo?

................................................................................................................

................................................................................................................

................................................................................................................

................................................................................................................

## 2 Ipinakita ng katugunan ng pangangailangan nila kung sino si Jesus.

*[8]Nang makita iyon ni Simon Pedro, lumuhod siya sa paanan ni Jesus at sinabi, "Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, dahil makasalanan ako." [9]Ganito ang naging reaksiyon niya, dahil labis siyang namangha, pati na ang mga kasamahan niya, sa dami ng nahuli nila.* **LUCAS 5:8–9**

Ipinakita ni Jesus ang Kanyang kakayahan at kagustuhang tustusan ang kanilang pangangailangan. Magdamag na nagtrabaho sina Simon at ang iba pang mga mangingisda, ngunit wala silang nahuli. Sa salita ni Jesus, ang mga bangka

ng mga mangingisda ay napuno ng napakaraming nahuling isda. Ngunit higit pa sa pagdiriwang nito, *lumuhod* si Simon *sa paanan ni Jesus*. Namangha si Simon at ang mga kasama niya sa himalang ito. Mula sa lugar ng kakulangan at takot, nakita ni Simon si Jesus bilang Panginoon. Ang mahimalang probisyon ang humatak sa mga mangingisda palapit kay Jesus. Sa palagay mo, kung ikaw ay isa sa mga mangingisda, paano ka tutugon sa probisyon ni Jesus.

## 3 Ang pagkakilala kay Jesus ay umakay sa kanila tungo sa kanilang layunin.

*[10]Namangha rin sina Santiago at Juan na mga anak ni Zebedee, na mga kasosyo ni Simon. Sinabi ni Jesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayon, hindi na isda ang huhulihin mo kundi mga tao na upang madala sila sa Diyos." [11]Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus.* **LUCAS 5:10–11**

Tinugunan ni Jesus ang pangangailangan ng mga mangingisda noong oras na iyon, ngunit inakay din Niya sila tungo sa isang bagay na mas mahalaga. Hinatak sila ng himalang ito palapit kay Jesus; ipinahayag din ng Kanyang pagtawag ang layunin Niya para sa kanila. Mas malawak pa sa paghuli ng isda ang itinakda ni Jesus para sa kanila—tinatawag Niya sila upang mamingwit ng mga tao. Matapos ipakita ni Jesus kung sino Siya sa pamamagitan ng himala, *iniwan nila ang lahat at sumunod kay Jesus*. Paano ka nagdesisyong sumunod kay Jesus? Ano ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus para sa iyo ngayon?

## APPLICATION

- Ano ang isang bahagi ng buhay mo na nangangailangan ng mahimalang probisyon mula sa Diyos? Ngayong alam mo na nakikita ng Diyos ang pangangailangan mo, manalig ka at magtiwala na ipinadala na Niya ang Kanyang probisyon para sa iyo.
- Paano ka tumutugon tuwing natatanggap mo ang probisyon ng Diyos? Ano ang sinasabi sa iyo ng Kanyang masaganang probisyon tungkol sa Kanyang layunin para sa iyo?
- Mag-isip ng isang taong alam mong may pangangailangan ngayon. Ipanalangin na ipakita ng Diyos sa taong ito na Siya ang nagbibigay ng masaganang pantustos sa pamamagitan ng Kanyang mahalagang probisyon at Kanyang mga mamamayan.

## PRAYER

- Hingin sa Diyos na tanggalin ang anumang takot o pagdududa sa buhay mo, lalo na sa panahong hindi sapat ang mayroon ka para sa iyong mga pangangailangan.
- Habang tinutustusan ng Diyos ang mga pangangailangan mo, ipanalangin na makilala Siya sa buhay mo nang higit pa sa mga mahimalang probisyong ibinibigay Niya.
- Ipanalangin na habang tinatanggap mo ang probisyon ng Diyos, mahihikayat ka na lalo pang isabuhay ang Kanyang layunin: ang maipakilala Siya sa iba.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chrysse Manuel-Pili, Bea Salcedo

victory.org.ph